

RELEASED

JAN 16 2018

By 

DepED Angeles City
Division of City Schools



Department of Education
Region III
DIVISION OF ANGELES CITY
Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City



Tel. No.(045) 322-5722; 322-4702/Fax Nos. (045)887-6099
email address: angeles.city@deped.gov.ph

DIVISION ADVISORY
No. 12, s. 2018


To: Education Program Supervisors
Public School District Supervisors
Heads of Public and Private Elementary and Secondary Schools

From: OIC-Schools Division Superintendent

Subject: Ikasiyam na Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino

Date: January 16, 2018

Please be informed of the attached DepEd Advisory No. 309, s. 2017 entitled *Ikasiyam na Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino*.


LEILANI S. CUNANAN, CESO VI
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Advisory No. 309, s. 2017

Disyembre 12, 2017

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit www.deped.gov.ph)

IKASIYAM NA PAMBANSANG KONGRESO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng Ikasiyam na Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino na may temang Isang Pagtanaw at Patuloy na Pagtangkilik sa Masigasig na Implementasyon ng Programang K to 12 sa Ika-21 na Siglo na gaganapin mula Abril 18 hanggang 21, 2018 sa DepEd Ecotech, Lungsod ng Cebu.

Ang layunin ng kongreso ay ang mga sumusunod:

1. mailahad ang mga inaasahang matatamo sa ganap na implementasyon ng K to 12 sa ika-21 siglo;
2. mapatunayan na ang iba't ibang gawaing pansining at pang-akademiko ay susi sa pagtatamo ng makahulugang pag-unlad ng guro at mag-aaral;
3. mapaunlad ang kakayahang pangteknikal ng bawat guro sa pamamagitan ng paggawa ng *Action Research*;
4. maipaliwanag ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga Obra Maestra na repleksiyon ng pagiging masining at mapanuri ng bawat guro; at
5. maipaliwanag ang kahalagahan ng komprehensibong paggawa ng pagsusulit sa pagtataya at pagmamarka sa mga mag-aaral.

Ang mga dadalo ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor, punong-guro, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran, guro, mga administrador at lahat ng tagapagtaguyod ng wikang Filipino.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kina:

- Gloria I. Alday
Pangulo, Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)
202 Rosario Street, Mapulang Lupa
Valenzuela City
Mobile: 0998-860-6104; 0977-499-1386
Email: anniescabuhat@gmail.com
- Sandor B. Abad
Ingat-Yaman, KASUGUFIL
Mobile: 0908-697-8491
Email: sandorabad1210@gmail.com